22122050

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Tuesday 15 May 2012 (morning)
Mardi 15 mai 2012 (matin)
Martes 15 de mayo de 2012 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question. Each question is worth *[30 marks]*.
- The maximum mark for this examination paper is *[30 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition. Chaque question vaut *[30 points]*.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[30 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta. Cada pregunta vale *[30 puntos]*.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[30 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng sanaysay sa* ***isa*** *sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural* ***at/o*** *opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** Ipaliwanag ang iyong pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon sa kaisipang ito: "Kung mas maunlad ang isang kultura, mas mayaman din ang wika nito." Sa iyong paliwanag, gumamit ng mga halimbawa sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**2.** Sang-ayon ka ba o hindi sa sumusunod na pahayag: "Ang isang nilalang ay hindi naninirahan sa isang bayan o bansa; sa halip, siya'y nananahan o naninirahan sa wika. Wika ang ating bansa, ang ating Inang Bayan, at wala nang iba." Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Medya at Kultura**

**3.** Paano natin maaaring kontrolin ang impluwensiya ng mass media sa pagpapalaganap ng mga isteryutipo, positibo man o negatibo? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**4.** Sa iyong palagay, dapat nga bang magkaroon ng mga limitasyon ang kalayaan sa pamamahayag sa mass media? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Panghinaharap**

**5.** Sinasabi ng ilan na, sa malapit na hinaharap, magkakaroon na ng lunas ang problema ng daigdig sa pagkasira ng kapaligiran dahil sa bagong teknolohiya at bagong karunungan. Sa iyong palagay, realistiko ba ang ganitong pananaw? Gamitin ang iyong napag-aralan sa opsiyong ito sa iyong paliwanag.

**Mga Isyung Pandaigdig**

**6.** May mga bansa na ang tinatayang haba ng buhay ng tao (*life expectancy*) ay mas mababa sa 40 na taon. Sa kabilang banda, may mga mas mapalad na bansa na ang tinatayang haba ng buhay ng tao ay halos doble ng nauna (halos 80 na taon). Ano ang maaaring maitulong sa mga bansang mas maiksi ang *life expectancy* ng mga bansang mas mahaba ang *life expectancy*? Ipaliwanag ang iyong sagot gamit ang mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.



https://xtremepape.rs/

**Mga Isyung Panlipunan**

**7.** Ano ang iyong palagay sa kaisipan na ang mga tao ay naging lalong manhid at walang simpatiya sa kalagayan ng iba, at marami ang nawawalan ng ugnayan sa lipunan? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Tanong Panliteratura**

**8.** "Ang panitikan ay salamin ng buhay." Ipaliwanag ang iyong pagsang-ayon/di-pagsang-ayon sa pahayag na ito gamit ang dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**9.** Ang tagisan ng "kapalaran/tadhana" at "kalayaan/kasarinlan" ay tema na nakikita sa tunggalian sa maraming teksto. Ipakita kung paano nagtatagisan ang dalawang puwersa sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**10.** Gamit ang mga halimbawa mula sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita ang tema ng tensiyon sa pagitan ng "tradisyon/kumbensiyon" at ng "indibidwal/sarili".

---



https://xtremepape.rs/